

Ipasuri ang Pandinig ng Sanggol (Pagsusuri ng Pandinig ng Bagong Silang)

1 o 2 sa bawat 1,000 sanggol na isinisilang ay sinasabing may kapansanan sa pandinig pagkasilang. Sa ganitong kaso, importante na mabilis itong matuklasan at marapat na tugunan para sa pag-develop ng pananalita at damdamin ng sanggol.

Ang kapansanan sa pandinig ay mahirap mapansin sa pamamagitan ng panlabas na anyo o kalagayan ng sanggol kaya nirerekomenda na sumailalim sa "Pagsusuri ng Pandinig (Pagsusuri ng Pandinig ng Bagong Silang)" sa kapanganakan.

Q Anong klaseng pagsusuri ito?

May 2 uri ng pagsusuri na ligtas na isinasagawa sa maikling panahon:

Ang pamamaraan upang tingnan ang brain waves sa pamamagitan ng pagpaparinig ng mahinang tunog habang natutulog ang sanggol (Automated ABR) at ang pamamaraan ng pagsukat ng mahinang tunog na nagmumula sa tainga (OAE). Ang parehong pagsusuri ay walang idinidulot na side effects o sakit at hindi rin gumagamit ng gamot.

Ang resulta ay ipinapahayag na "Pass (pasado)" o kaya naman ay "Refer (isangguni)".



Q Saan maaaring magpasuri?

Sa karaniwan ay isinasagawa ito sa medical institution kung saan nanganak habang nananatili ang sanggol dito.

Kapag hindi maaaring gawin ang pagsusuri sa medical institution kung saan nanganak, magpagawa ng referral letter mula sa nasabing institution. Sa loob ng isang buwan matapos manganak, magtungo sa obstetrics at gynecology clinic na maaaring gumawa ng pagsusuri.

Q Mayroon ba itong kabayaran?

Ang kabayaran sa pagsusuri ay kailangang bayaran. Makipag-ugnayan sa medical institution kung saan pinaplanong manganak para sa detalye. (Mayroong tulong para sa kabayaran sa pagsusuri sa ∞ City. Makipag-ugnayan sa $\Delta\Delta\Delta$ para sa mga detalye.)

Q Ano ang dapat gawin kapag "Refer (isangguni)" ang resulta ng pagsusuri?

Hindi nito ibig sabihin na may kapansanan na kaagad sa pandinig.

Una sa lahat, kailangang sumailalim sa masusing pagsusuri sa isang ospital sa iyong lugar na may otorhinolaryngology department. Sa ganitong pagkakataon, kumonsulta sa medical institution kung saan unang nagpasuri.

Kapag nalaman na may kapansanan sa pandinig ayon sa resulta ng masusing pagsusuri, maaaring maisulong ang pag-develop ng pananalita at komunikasyon sa pamamagitan ng pagsailalim sa maagap at angkop na pagpapagamot.

May mga pagkakataon din na hindi maayos na natutukoy dahil ang isang bagong silang na sanggol ay mayroong amniotic fluid sa tainga o kaya naman ay umiiyak o gumagalaw habang isinasagawa ang pagsusuri. Ito ay rason para magpasuri muli.



Q Okay na ba kapag "Pass (pasado)" ang resulta?

Importante ang tuloy-tuloy na pagbantay sa pag-develop ng pandinig ng bata sa pang-araw-araw na pamumuhay.

Ang ibig sabihin ng "Pass (pasado)" sa pagsusuri ay "Walang abnormalidad sa pandinig sa panahong iyon". Pagkatapos sumailalim sa pagsusuri, sa kalaunan ay maaaring magkaroon ng kapansanan sa pandinig sanhi ng i **m**pekasyon sa tainga, beke, at iba pa.

Pagkatapos manganak, nagsasagawa ng kumpirmasyon ng pandinig sa pamamagitan ng regular na infant health checkup at iba pa rito sa munisipalidad ng $\Delta\Delta\Delta$. Kumpirmahin din ang estado ng pag-develop sa pamamagitan ng paggamit ng "Checklist sa pag-develop ng pandinig" na nasa likuran nito.

"Naririnig ba ng sanggol ang boses ng ina?"

Nakasulat sa checklist na ito ang pag-develop ng pandinig at pananalita para sa bawat grupo ng buwanang edad. Sa bawat grupo ng buwanang edad, kapag mas mababa pa sa kalahati ang may check o kaya naman ay may bagay na bumabahala sa pag-develop ng pandinig at pananalita ng bata, kumonsulta sa family physician o public health nurse ng $\Delta\Delta\Delta$.

[Humigit-kumulang 3 na buwan]

- Nagugulat sa malakas na tunog
- Nagiging sa malakas na tunog
- Lumilingon sa pinanggagalingan ng tunog
- Tumitigil sa pag-iyak kapag kinakausap
- Tumatawa kapag nilalaro o nilalambing
- Sumasagot ng "Aaa" o "Uuu" kapag

kinakausap

[Humigit-kumulang 6 na buwan]

- Lumilingon sa pinanggagalingan ng tunog
- Gusto ang mga laruang tumutunog
- Nakikilala ang boses ng taong kilala tulad ng magulang atbp
- Tumatawa nang may boses
- Nagsasabi ng "Kyaa kyaa" kapag natutuwa
- Lumilingon sa tao kapag nagsasalita



[Humigit-kumulang 9 na buwan]

- Lumilingon kapag tinatawag ang pangalan
- Natutuwa kapag naglalaro ng "bulaga"
- Inuurong ang kamay o kaya ay umiiyak kapag pinapagalitan sa pagsabi ng "Huwag!" o "Hoy!"
- Lumilingon sa laruan at nagsasalita
- Nagsasalita ng "Ma", "Pa", "Ba", at iba pa
- Nagsasalita ng "Cha", "Dada", at iba pa

[Humigit-kumulang 12 na buwan]

- Naiintindihan ang mga salitang "Akin na", "Tulog na", "Halika", at iba pa
- Tumutugon sa salitang "Bye bye"
- Ginagaya ang salita ng mga nakatatanda
- Masiglang nagsasalita kahit na mga salitang walang ibig sabihin
- Nagsasalita ng 1 o 2 salitang may ibig sabihin (tulad ng pagkain o pagtawag sa nanay at iba pa)
- Ginagaya ang parte ng salita at sinasabi ito

[Humigit-kumulang 1 taon at 6 na buwan]

- Gustong magpabasa ng librong may larawan
- Itinituro ang alam na bagay sa tinitingnan na librong may larawan
- Naiintindihan ang simpleng utos ("Kunin mo ang librong iyon", "Itapon mo ang busura", at iba pa)
- Nagsasalita ng 1 o 2 salitang may ibig sabihin
- Nagsasalita ng 3 o higit pang salitang may ibig sabihin
- Sinasabi ang pangalan ng alam na bagay sa tinitingnan librong may larawan



Ang pag-develop ng pananalita ay nag-iiba-iba sa bawat indibidwal. Regular na kumpirmahin ang pag-develop ng pandinig sa pamamagitan ng infant health checkup o Checklist sa Pag-develop ng Pandinig.